RESEARCH ARTICLE

# *Nanonokhang v. Tinotokhang*: Paghahambing sa Representasyon ng Mga Aktor ng Gera Kontra Droga Lugar sa Pangmasa at Alternatibong Midya

Jonel S. Biscocho
*University of the Philippines Los Baños*

## ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay naglalantad ng representasyon nina Rodrigo Duterte, pulisya, at mga binsangang adik sa lathalaing pabalita ng pangmasang pahayagan na *Manila Bulletin* at *Philippine Daily Inquirer* at alternatibong pahayagan na *Bulatlat* at *Pinoy Weekly*. Ang pananaliksik ay tinuklas ang inklusyon at ekslusyon, ang istratehiya ng representasyon, at ang positibo o negatibong presentasyon ng aktor ng Gera Kontra Droga.

Ang pananaliksik ay nakabatay sa teyoretikal na balangkas ng *Critical Discourse Analysis* ni Norman Fairclough (1995). Mula rito, gamit ang konsepto ng *microstructure*, nilapat ang *Representation of Social Actors* ni Theo Van Leeuwen (2008) at *Ideological Square* ni Teun Van Dijk (1986) bilang mga kasangkapang panuri.

Natuklasan ng pag-aaral na ang dominyo ng tunggalian ng Gera Kontra Droga ay lumalagpas patungo sa dominyo ng diskurso sa midya. Ang tunggalian na ito ay nahati sa pagitan ng *Nanonokhang* at *Tinotokhang*. Ang pamamahayag ng pangmasang pahayagan ay kinakitaan na may pangunahing tuon sa naratibo ng aktor na si Duterte at sa pulisya bilang mga *Nanonokhang*. Samantala, ang mga alternatibong pahayagan ay pangunahing nagbigay tuon sa naratibo ng mga aktor na adik bilang *Tinotokhang*.

Sa pangmasang pahayagan, pangunahing nakasangkapan ang supresyon at pagpapasalikod upang bigyang ekslusyon ang *Nanonokhang* mula sa akto ng panonokhang at nabigyang inklusyon gamit ang personalisasyon at ispesipikasyon. Nabigyang inklusyon naman ang aktor na *Tinotokhang* gamit ang impersonalisasyon at objektibasyon. Sa kabilang dako, sa alternatibong pahayagan, ang *Nanonokhang* ay nabigyang inklusyon sa diskurso ng panonokhang gamit ang generisasyon habang ang *Tinotokhang* ay nabigyang-diin gamit ang personalisasyon at ispesipikasyon.

**PCS REVIEW | SERIES (2024) : 69 - 100**
**© 2024 BISCOCHO, J.S.**
**ISSN 2094-8328 | e-ISSN 2961-3426**

Mula sa mga siping teksto, nakita sa pangmasang pahayagan ang positibong presentasyon ng aktor ng Gera na sina Duterte at ang pulisya bilang mga *tagapagligtas* at negatibong presentasyon ng adik bilang *estadistika* at *hindi tao.* Samantala, sa mga alternatibong pahayagan, nakita ang mga aktor na sina Duterte bilang *mangwawasak* at pulisya bilang mga *kriminal* sa kanilang negatibong katangian at ang mga adik bilang *naghihirap na mahirap.*

Sa kabuuan, ang naturang digma bukod sa pagiging digma laban sa droga, ay maituturing din bilang isang digma laban sa tao, karapatang pantao, kahirapan, at katotohanan.

Mga Susing Salita: *Gera Kontra Droga, Kritikal na Diskursong Pagtatasa, Representasyon, Lehitimasyon, Identidad, Pangmasang Pahayagan, Alternatibong Pahayagan*

## ABSTRACT

The study reveals varying representations of Rodrigo Duterte, the police force, and the drug addicts in the news features of mainstream platforms such as *Manila Bulletin* and *Philippine Daily Inquirer*, as well as alternative platforms like *Bulatlat* and *Pinoy Weekly*. The study aimed to identify the inclusion and exclusion, strategies of representation, and positive and negative presentation of the actors in the War on Drugs

The research is grounded in the theoretical framework of Norman Fairclough's (1995) Critical Discourse Analysis. From this, the concept of microstructure was applied, utilizing Theo Van Leeuwen's (2008) *Representation of Social Actors* and Teun Van Dijk's (1986) *Ideological Square* as analytical tools.

The results of the study indicates the domain of struggle surrounding the drug war in society transcends into the domain of discourse within media platforms. This conflict was divided into two polarizing ends: the "*Nanonokhang*" (those performing the drug war operations) and the "*Tinotokhang*" (those targeted by these operations). Mainstream media reports primarily focus on the narratives of Duterte and the police as *Nanonokhang*, while alternative media highlights the narrative of drug addicts as *Tinotokhang*.

In mainstream media, strategies such as suppression and backgrounding were commonly utilized to exclude the *Nanonokhang* in the acts of *panonokhang* (drug operations). Conversely, personalization and specification were employed to include them. *Tinotokhang* were given inclusion through impersonalization and genericization. In alternative media, the *Nanonokhang* was portrayed through the

strategy of genericization, while the *Tinotokhang* were given emphasis through personalization and specification.

From the cited texts, mainstream media represented Duterte and the police in a positive presentation, portraying them as *saviors*, while drug addicts were represented in a negative presentation, as *dehumanized* individuals reduced to mere *statistics.* On the other hand, alternative media portrayed Duterte and the police in their negative identities, as a *destroyer* and *criminals*, respectively. Meanwhile, the drug addicts were given representation as *struggling poor.*

Overall, this war, beyond being a battle against drugs, can also be viewed as a war against humanity, human rights, poverty, and truth.

Keywords: *War on Drugs, Critical Discourse Analysis, Representation, Legitimacy, Mainstream Media, Alternative Media*

## Panimula

Mula nang mahalal noong Hunyo 2016, nag-atas ang dating pangulong Rodrigo Duterte ng *War on Drugs* o Gera Kontra Droga na naglayong sugpuin ang patuloy na kalakalan ng ilegal na droga sa Pilipinas. Gamit ang mabilis at agresibong paraan, kinilala ang kampanya bilang isang *nakakamatay* at *kontrobersyal* na polisiya (Timberman, 2019). Ang inatas na *drug war* ay ekstensyon ng patakarang ipinatupad ni Duterte nang manungkulan bilang alkalde sa Davao City patungkol sa pagpatay sa mga kriminal at *paglinis* ng droga sa kabayanan kung saan, ayon kay Fernquest at Johnson (2018), naisakatuparan ni Duterte ang isang bangungot ng marahas na patayan. Mula sa binuong grupo ng Komisyon ng Karapatang Pantao, kinilala ang tatlong makabuluhang aspekto ng *drug war*: ang Oplan Tokhang, *drug watch list*, at *extrajudicial killings* (EJKs) o pagpatay na ekstrahudisyal (Human Rights Watch, 2018) na maaring makapaglatag ng kinalagyan ng Gera.

Ang "*Tokhang*" ay halaw sa pinagtiyap na salitang binisaya na "*tok-tok*" o pagkatok at "*hangyo*" o pakiusap; kinilala ng estado bilang isang *Oplan* o plano ng operasyon, at ang naging mukha ng Gera Kontra Droga ng rehimeng Duterte (Angeles, 2018). Gayumpaman, ito ang diumanong naging panimula sa serye ng mga pagpatay—isang *iskema* na layo sa *pagkatok* at *pakikiusap*—na tanging sumasapit lamang sa isang *engkuwentro* ng pagpatay (Amnesty International, 2019). Mula rito, napagtanto ang padron ng pagpatay ay nakatahi sa operasyong *buy-bust*, isang lihim na operasyon ng pulisya upang hulihin ang mga indibidwal na pinaghihinalaang adik o tulak sa pamamagitan ng pagpapanggap bilang *buyer* (Human Rights Watch, 2018). Ayon sa pag-aaral ng Amnesty International (2019), ang kalimitang salaysay sa mga naganap na *buy-bust* at panloob ay ang pagkamatay ng *adik* katabi ang .38 *caliber* na baril habng ang pulisya ay naiulat na may pangingialam sa mga pook ng krimen, *pagtatanim* ng ebidensya, at pagkatha ng mga opisyal na tala ng insidente (Amnesty International, 2019).

Noong taong 2018, itinanghal ang "*Tokhang*" bilang salita ng taon na naging kasingkahulugan ng "*pagpatay*" (Angeles, 2018). Ayon kay Talabong (2017), sinabi ni *Direktor Heneral* Aquino, hepe ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) na ang "*konotasyon ng Tokhang sa karamihan ng masa ay pagpatay*." Dito ang "*gusto mong ma-Tokhang ka?*" ay nabigyang kahulugan bilang "*gusto mong mamatay ka?*" (Talabong, 2017).

Mula sa salitang "*Tokhang*," sumibol ang terminong "*tokhangable*" na naging bansag sa taong payat na payat, kahit hindi gumagamit ng droga (Angeles, 2018). Ang Tokhang ay nagbigay daan sa EJKs, kung saan, ayon sa *Philippine Sociological Review*, maituturing na isang pambansang krimen na ang pagpatay ay isinasagawa ng estado labas sa pormal na legal na sistema (Fernquest, 2018). Mula sa datos ng

PDEA, sinasabi na mayroon lamang 6,252 na biktima ng Oplan Tokhang noong Mayo 2022. Subalit batay sa grupo ng karapatang pantao, tinatayang mayroong 30,000 na biktima kung isasama ang mga pagpatay na may istilong bihilante (Gavilan, 2023).

Sa libo-libong siningil na buhay ng tulak at adik sa loob ng kultura ng *impunity* (Jazeera, 2023), malinaw ang paninidigan ni Duterte: "*Patayin na ako, ikulong na ako, hindi ako hihingi ng tawad*" (Human Rights Watch, 2023). Ang *drug war*, na halos naging kasingkahulugan ng rehimeng Duterte (Babao, 2017) at itinuturing na isa sa mga pundasyunal na domestikong polisiya ng administrasyon (Council on Foreign Relations, 2016), ay nananatiling isang makabuluhang usapin sa lipunan. Sapagkat, sa kabila ng panibagong rehimen sa posisyon, patuloy na nagiging mailap ang hustisya para sa mga napaslang, mga nakaligtas, at mga naiwan.

## Layunin, Saklaw, at Hangganan ng Pananaliksik

Ang pananaliksik ay isang pagtatangka na dalumatin ang *drug war* sa pamamagitan ng pagkilatis sa representasyon ng mga primaryang aktor, partikular sa usapin ng inklusyon at ekslusyon sa diskurso ng Gera simula noong taong 2016 hanggang 2021 lugar sa dominyo ng pangmasa at alternatibong midya.

Dahil sa substansyal na balita tungkol sa Oplan Tokhang (Bautro, 2019) at sa pagiging dalawa sa mga pangunahing mapagkakatiwalaang pahayagan na may mataas na *online reach* at *brand trust scores* batay sa Reuters Institute Digital News Report (2022), pinili ang pangmasang pahayagan na *Philippine Daily Inquirer* (PDI) at *Manila Bulletin* (MB). Bagaman mayroong ikatatlo at ikaapat na ranggo, pinili ang mga nabanggit dahil ang dalawang nauna ay malalaking korporasyon, ang ABS-CBN at GMA. Para sa alternatibong midya, pinili ang *Bulatlat* at *Pinoy Weekly* (PW) bilang mga nangungunang pahayagan na nagtampok ng usapin ng karapatang pantao, partikular sa *drug war*, at nagtataas ng kalayaan ng midya at kaligtasan ng pamamahayag (Jamil, 2020). Isang limitasyon ng pananaliksik ay ang pagsusuri lamang sa mga teksto sa midyum ng *online portals* at *website* bilang may pagkakaiba ang ayos at porma ng mga ulat sa bulitin, diyaryo, at brodsyit.

Dito, ginamit ang organikong pananaliksik at kinasangkapan ang mga sumusunod na susing salita: "*War on Drugs*"; "*Gera Kontra Droga*"; "Oplan/ Tokhang"; at "*Extrajudicial Killings*". Isang limitasyon ang kakulangan sa mga tekstong nakalimbag sa wikang Filipino sa pangmasang midya kung kaya't ang mga kalimitang siping natukoy ay nakalimbag sa wikang Ingles. Ang primaryang layunin ng pananaliksik ay matuklasan ang representasyon ng mga aktor kung kaya't ang diskusyon ay nakatuon lamang sa *microstructure* o sa dimensyon ng teksto.

## Metodolohiya ng Pananaliksik

Ang pagsasalin ng teksto ay teknikal na isinangguni sa *Batayang Pagsasalin* ni Virgilio Almario (2016) mula sa Simulaang Lenguwahe (Ingles) patungo sa Tunguhang Lengguwahe (Filipino). Ang pananaliksik ay ginamitan din ng mga *online* na diksiyonaryo katulad ng *Tagalog Online Dictionary*, batay sa talahulugan ni Dr. Teresita Ramos (1991), at *LingvoSoft Online*, mula sa ECTACO *company* na nagbibigay ng serbisyong pagsasalin.

Pinili ang ulat na direktang kinapalooban ng naratibong Oplan Tokhang. Ang mga artikulo ay tinipon batay sa mga pamantayan: balitang lathalain, kaso ng Oplan Tokhang, kasangkutan ni Duterte, pulisya, at mga adik, at paggamit ng mga kotasyon mula sa mga nabanggit na aktor. Mula rito, nakalap ang tig-32 na lathalaing pabalita sa pangmasa at alternatibong midya. Sa metodo ng pagpili ng ulat, ginamit ang *purposive sampling*, isang paraan ng pagpili sa *sample* na datos batay sa kapakinabangan McCombes (2019), na makabuluhan sa kuwalitatibong pananaliksik upang makakalap ang datos na makakapagbigay ng kabatiran at tugmang resulta sa konteksto ng pananaliksik (Ames & Lewin, 2019).

Sa pagtatasa, kinasangkapan ang *coding sheet* at ginamitan ng magkahalong metodo ng manwal at *digital* na pagkukodigo sa *Microsoft Excel*. Ginamit ang manwal na pagkukudigo upang makakuha ng kontrol sa trinatabahong datos at ang *digital* na pagkukodigo upang mahusay na ma-organisa at mamanipula ang teksto at kodigo (Saldaña, 2013). Ang *coding sheet* ay hinati sa iba't ibang hanay: saligan, awtor, sipi/teksto, paunang kodigo, pinal na kodigo, at istratehiya ng ekslusyon o inklusyon ng panlipunang aktor.

### Kaunawaan sa Dominyo: Pangmasa at Alternatibong Midya

Sinasabi ni Craig (2004), sipi ng tesis ni Babao (2017), ang midya at pulitika ay hindi mapaghihiwalay na entidad bilang ang midya ang ikaapat na sangay ng gobyerno. Sa kritikal na tradisyon, sentral ang gampanin ng midya sa pagpapaabot ng pulitikal na balita dahil sa impluwensiya nito sa *public sphere*—kung saan ang dominyo ng panlipunang buhay ay nahuhubog ng pampublikong opinyon (Habermas & Lenox, 1974). Ang gampanin ng midya bilang espasyo ng pulitika (Dahlgreen, 2000) at lugar ng diskurso ng *drug war* ay makabuluhan sa pagsipat kung paano napahayag ang mga prayoridad na isyu ng nakaraang administrasyon sa lipunan. Ang paraan ng pag-uulat ng midya sa droga at krimen ay nakakaapekto sa pagpapatupad ng mga polisiya sa pampublikong dominyo (Makkai & Teece, 2000). Ang midya ay mabisang lumikha ng *moral panic* at pagtuon sa mga indibidwal sa laban kontra droga (Murji, 1998, sa sipi ni Montagne, 2011). Sa ganitong paraan, maaaring sistematikong itaguyod ng

midya sa lipunan ang nais na pananaw sa *iba*, na nagpapalakas ng pulitikal na kapangyarihan ng ilang grupo at indibidwal (Entman, 2006).

Ang pangmasang plataporma, para kay Deutsch (1963), ay maituturing bilang isang institusyon ng impormasyon at *nerve* (ugat) ng gobyerno sapagkat kung sino ang may akses sa midya ay may kakayahang pamalakaran ang lipunan. Ito ay epektibong paraan upang magbahagi at magpaabot ng kahulugan na, ayon kay Nuha (2013), ay kalimitang napapalagay bilang isang ganap na katotohanan (*absolute truth*). Ang pangmasang plataporma ay likas na nagbibigay representasyon sa pang-institusyunal na interes (Clark, 2021) na nakapaloob sa sosyal, ekonomikal, at pulitikal na tanikala (Wang, 1992)—na nakakaabot sa malawak na sangay ng lipunan kung kaya't may kakayahang maghanay ng representasyon sa panlipunang kaisipan. Ang praksis na ito ay maaaring magdulot ng pagtukoy lamang sa iilang indibidwal at magpasipista sa boses ng ibang makabuluhang aktor (Doğu, 2015).

Samantala, ang alternatibong midya ay may kakayahang bigyang punan ang pagkukulang ng pangmasang midya ukol sa pagbibigay ng pampublikong kamalayan (Downing, 1995) at representasyon sa magkakaibang pagtingin sa lipunan (Clark, 2021). Ito ay humahamon sa pulitikal na tanikala (Wang, 1992)—mga restriksyong tumutukoy sa makapartidong katangian, burukrasya at komersyal na interes, at panghegemonyang diskurso (Doğu, 2015)—o batay kay Kenix (2011), "*...simply the media 'produced by the socially, culturally, and politically excluded*". Kung ganoon, maituturing bilang *subaltern public sphere* na nagbibigay espasyo sa boses ng aktor na hindi nabibigyan ng representasyon sa pangmasang midya (Doğu, 2015). Ang *iba*, bilang mga *subaltern* na nag-ookupa ng mababang posisyon sa lipunan (Spivak, 2010), ay nabibigyang pagkakataon matukoy ang sarili batay sa katulad nilang *iba* (Jordan, 2002). Lugar sa pampublikong dominyo na iniiralan ng mga piling indibidwal na may kapangyarihang pulitikal (Mahboob & Paltridge, 2013), mapapalitaw ang identidad ng mapang-api at inaapi (Ramanathan, 2015).

Datapuwa't ang pangmasang plataporma ay may tendensiya na magbigay pribilehiyo sa makapangyarihan at matiwasay na nagtatagumpay sa paghamig ng pambublikong kaisipan (Doğu, 2015), ang alternatibong midya ay nagbibigay ng oportunidad sa walang lakas at sinasantabi, pagbibigay ng perspektibo *mula sa ibaba*, at pagsasambit ng mga *hindi nababanggit* (Harcup, 2003) kung kaya't nabubunyag ang kinaligtaang aspekto.

## Teyoretikal na Balangkas sa Pananaliksik

Nakasalig ang pag-aaral sa makabuluhang pananaliksik lugar sa Gera Kontra Droga at sa mga naunang pagsisiyasat sa representasyon sa midya. Mula rito, ang teyoretikal na balangkas ay kinasangkapan ang *Critical Discourse Analysis* ni Norman Fairclough (1995), *Representation of Social Actors* ni Theo Van Leeuwen (2008), at *Ideological Square* ni Teun Van Dijk (1986).

### Kritikal na Diskursong Pagtatasa

Ang CDA ay nakakalikha ng sistematikong balangkas na kumikilala sa istraktura, istratehiya, at katangian ng teksto, salita, at berbal na interaksyon o anumang komunikatibong kaganapan na ginagagamit sa produksyon o reproduksyon ng ideyolohiya (Van Dijk, 1990), na mabisa upang matasa ang lipunan at diskurso (Duanprakhon (2012). Batay kay Van Dijk (1986), ang pagtatasa ay nararapat lumabas sa bahagyang aplikasyon at kilatisin ang lipunan sa kuwestyon ng pananagutan, interes, at ideyolohiya; kung saan, kailangang magsimula sa laganap na isyung panlipunan at piliin ang perspektibo ng indibidwal na naghihirap. Mula rito, may pangangailangan sa kritikal na pagtatasa sa kung sino ang mga indibidwal na may kakayahan na tumugon sa mga isyung ito (Van Dijk, 1986) at kung ano ang kanilang gampanin sa paglikha, muling paglikha, at pagpapanatili ng dominasyon, eksklusyon, inhustisya, at hindi pagkakapantay-pantay ng panlipunang pangkat (Van Dijk, 1995).

Bagamat may kakayahan ang CDA na ipaliwanag ang istruktura ng diskurso na may makabuluhang epekto sa lipunan, wala itong malinaw na balangkas. Kaya naman, ginamit ang balangkas ni Fairclough na binubuo ng tatlong magkakaugnay na dimensyon: teksto, kasanayang *discursive*, at kasanayang sosyokultural. Dito, ang kasanayang sosyokultural ang humuhubog sa kasanayang diskurso, ang kasanayang *discursive* ang nagbibigay hugis sa teksto, at ang teksto ang lumililok ng kasanayang sosyokultural. Sa pagtatasa ng relasyong lipunan-diskurso, kinasangkapan ang *microstructure analysis* o tekstuwal na pagtatasa, na ani Gadavanij (2002), tumitingin lamang sa *micro* na kategorya na bumubuo sa istratehiyang *discursive*. Dito, ang pagsusuri ay iikot lamang sa makipot na bahagi ng teksto—sa porma ng sulat o hayag—na nasa loob ng mga balita sa pangmasa at alternatibong midya. Bilang ang CDA ay isang interdisiplinaryong proseso, nagbigay daan ito upang maging bukas sa iba't ibang metodo at perspektibo. Kung kaya't ang balangkas ni Fairclough ay hindi sasapat sa isang malalim na pagtatasa dahil wala itong malinaw na kasangkapang pansuri upang ipaliwanag kung paano nabibigyang representasyon ang panlipunang aktor (Diamante, 2022).

## Representasyon ng Panlipunang Aktor

Sa kasalukuyan, may dalawang pananaw tungkol sa representasyon: una, bilang eksaktong paglalarawan na walang distorsyon; at pangalawa, bilang pulitikal na interes na hindi maaring tignan bilang isang paglalarawan lamang (Nuha, 2013). Ang panlipunang aktor ay ang *doer* o tagagawa ng kilos sa isang diskurso—na binabanggit o kinakaligtaan sa isang naratibo na ayon kay Nuha (2013), maihahalintulad sa mga manyikang papet na naglalaro sa isang diskurso sa pamamagitan ng paglakip o pag-alis sa kanila. Maaring siyasatin ang teksto bilang yunit ng diskurso na may kakayahang magtago ng salita, pangungusap, at talata bilang mga objek ng pagtatasa. Sa pagsusuri ng teksto, primaryang ginamit ang balangkas ni Van Leeuwen sa *Representation of Social Actors* (2008) at sinuri ang mga teksto batay sa kategorya at istratehiya ng representasyon. Batay kay Van Leeuwen (2008), ang representasyon ng panlipunang aktor ay mayroong dalawang pangunahing bahagi o kategorya:

Una, ang <u>**ekslusyon**</u> bilang istratehiya ng diskurso upang itago o ihiwalay ang isang aktor sa partikular na teksto at sumasaklaw sa mga sumusunod na istratehiya:

a. **Supresyon**/*suppression*: ang pag-aalis ng reperensiya sa aktor sa bahagi ng teksto na naisasakatuparan dahil sa *passive agent deletion* bilang istratehiya ng pasibasyon na nagagawang magkubli o mag-alis ng sabjek sa isang kilos.
b. **Pagpapasalikod**/*backgrounding*: ang hindi pagbanggit ng aktor sa isang kilos kung saan sila kasangkot o, kung mailakip man, maaring maiposisyon sa iba o malayong bahagi ng teksto.

Pangalawa, ang <u>**inklusyon**</u> ay istratehiya na nagbubunyag at naglalakip ng aktor bilang kabahagi ng diskurso. Batay sa kahulugan ni Nuha (2013), saklaw nito ang mga sumusunod na istratehiya:

a. **Personalisasyon**/*personalization*: ang aktor ay nailalarawan bilang isang tao na ginagamitan ng mapagkanyang panghalip (*possessive pronouns*) at pangngalan (*proper nouns*).
b. **Impersonalisasyon**/*impersonalization*: ang aktor ay nilalarawan gamit ang abstrak o hindi kongkreto na ngalan at ang kahulugan nito ay hindi naglalarawan ng semantikong katangian ng pagiging "*tao*". May dalawang uri ng impersonalisasyon:
   i. **Abstraksyon**/*abstraction*: ang aktor ay nailalarawan gamit ang mga katangian na naigagawad sa kanya sa representasyon sa teksto.
   ii. **Objektibasyon**/*objectivation*: ang aktor ay nirerepresenta sa pamamagitan ng reperensiya sa lugar o bagay na malapit sa aktor at sa mga kilos sa kung saan sila nailalarawan bilang kalahok.

iii. **Generisisasyon**/*genericization*: ang aktor ay nababanggit bilang kasama sa pangkalahatan na kadalasang ginagamitan ng *plural* at *singular* na porma na kinakabitan ng *definite* o *indefinite* na artikulo.

iv. **Ispesipikasyon**/*specification*: pagbanggit sa partikular na bagay, tao, o pangyayari na may tuwirang ugnayan sa aktor.

Ang identidad ng panlipunang aktor ay maaaring iklasipika sa tatlong lebel: personal, relasyunal, at komyunal na identidad (Samovar et al., 2010). Dahil ang komyunal na identidad ang may tuwirang ugnayan sa lipunan at tumutukoy kung paano nabubuo ang konsepto ng sarili na nakalagak sa lipunan, ang pangatlong lebel na ito ang tinatawag na panlipunang identidad na tinukoy naman sa pananaliksik.

***Ideological Square***

Nilikha ni Van Dijk (2001) ang *Ideological Square* upang masuri ang matalisik na ideyolohiyang pinapahayag sa iba't ibang ideyolohikal na tindig.

**Pigura 1**.

*Ang apat na prinsipyo ng Ideological Square ni Teun Van Dijk (2001).*

| | |
|---|---|
| Pagbibigay diin sa mga positibong bagay tungkol sa *tayo* | Pag-aalis ng diin sa mga negatibong bagay tungkol sa *tayo* |
| Pagbibigay diin sa mga negatibong bagay tungkol sa *kanila* | Pag-aalis ng diin sa mga positibong bagay tungkol sa *kanila* |

Ang apat na prinsipyo na ito ay may makabuluhang gampanin sa mas malawak na kontekstuwal na istratehiya ng:

***1. Positive self-presentation***/positibong pagpapakilala ng *sarili*. Pagbibigay tuon sa positibong gawi ng aktor bilang bahagi ng isang grupo katulad ng pagpapahayag ng magagandang bagay tungkol sa *tayo* at pagpapahayag ng

negatibong bagay tungkol sa *kanila*. Ang positibong pagpapahayag ay isang abstrak na katangian ng pangkat hidwaan at ang padron ng interaksyon ay salungat sa ibang panlipunang grupo (Van Dijk, 2001).


***2. Negative other-presentation***/negatibong pagpapakilala ng *iba*. Paglalarawan na walang negatibong bagay ang naikakabit sa *tayo* at walang positibong bagay ang naiuugnay sa *kanila.* Ito ay nagpapahiwatig ng pagtukoy sa *tayo* na nakaugnay sa positibong pagpapahayag at paniniwala sa isang panlipunang konteksto, samantala ang pagtukoy sa *kanila* ay laging nakaakibat sa pesimismo, kundenasyon, at iba pang negatibong tindig (Van Dijk, 2001).

Sa pagsusuri ng umiiral na ideyolohiya, nagtataglay ito ng makabuluhang komponent: ang paghahanay ng *tayo* laban sa *kanila*—kung saan ang *tayo* ay inuugnay sa mga positibong katangian; samantalang ang *sila* o *iba* sa atin ay iniuugnay sa negatibo at masasamang katangian (Van Dijk (2002). Kung ganoon, ang aktor ay nakaposisyon sa tunggalian ng *tayo* at *sila* at ang usapin ng identidad ay nakatahi sa usapin ng *pag-iiba* o *othering*. Sinasabi ni Simone de Beauvoir (1949, p. 87): "*Otherness is a fundamental category of human thought. Thus, it is that no group ever sets itself up as the One without at once setting up the Other over against itself.*"

## Analitikal na Balangkas sa Pananaliksik

Sa ibaba, makikita ang pigura ng balangkas na sinandigan ng pananaliksik:

Pigura 2.
Balangkas ng CDA na nagpapakita ng kasangkapan ng tekstuwal na pananaliksik.



Sinuri ang *discursive* na katangian ng mga lathalaing pabalita na nakalap mula sa apat na pahayagan sa dalawang dominyo. Sa pagsusuri ng teksto, primaryang ginamit ang balangkas ni Van Leeuwen na *Representation of Social Actors* at susuriin ang teksto sa dalawang bahagi.

1. Kategorya ng representasyon:
   a. ekslusyon; at
   b. inklusyon.
2. Istratehiya ng representasyon:
   a. supresyon;
   b. pagpapasalikod;
   c. personalisasyon;
   d. impersonalisasyon;
   e. generisisasyon; at
   f. ispesipikasyon.

Ang mga representasyong lumitaw ay nilapat sa *ideological square* ni Van Dijk (2001) upang makita kung paano nabibigyang ng *positive self-presentation* at *negative-other presentation* ang panlipunang aktor. Makikita na ang kuwadro ng teksto, representasyon, at presentasyon ay nakapaloob sa isa pang mas malaking kuwadro—ito ang dominyo ng midya kung saan nakalagak ang lathalaing pabalita na nagpakita ng diskurso ng Gera at pagkakilanlan ng mga aktor.

Ang pigura ay hango sa balangkas ni Fairclough (1995) ng komunikatibo na pagtatagpo ngunit kinuha lamang ang *microstructure* na bahagi. Dito, naglapat ng kasangkapang panuri sa orihinal na balangkas upang magkaroon nang masaklaw at komprehensibong banghay na nakapagpalitaw ng mga representasyon at presentasyon ng panlipunang aktor.

**Representasyon ng mga Aktor ng Gera**

Mula sa pigura sa baba, makikita ang kalahatan ng mga lathalaing pabalita mula sa pangmasang midya midya na kinalap at sinuri. Ang pigura ay naglalaman ng awtor, petsa, titulo ng mga ulat, at kung saang pahayagan at *link* ito matatagpuan.

**Pigura 3.** Buod ng mga kinalap at sinuring lathalaing pabalita sa pangmasang pahayagan.

**Pigura 4**. Buod ng mga kinalap at sinuring lathalaing pabalita sa alternatibong pahayagan.

Mula sa mga lathalaing balita sa itaas, lumitaw ang mga pagkakakilanlan ng mga aktor ng Gera. Ang mga sumusunod na pigura at diskusyon ang buod ng kanilang representasyon.

**Pigura 5.**
Buod ng Representasyon ni Duterte.

| Si Duterte | |
|---|---|
| **Pangmasang Midya** | **Alternatibong Midya** |
| • Tagapagpadanak | • Sabik sa Dugo |
| • Tagapagligtas | • Mangwawasak |
| • Kunsintidor ng Pulisya | • Protektor ng Pulisya |
| • Walang Salang Lider | • Tagabasbas |

***Tagapagligtas v. Mangwawasak***

Batay sa representasyon sa pangmasang midya kay Duterte bilang ***tagapagligtas*** (25 balita), nabigyang taglay ang aktor ng pulitikal na awtoridad upang makapaghatid kaligtasan sa kanyang bansa—bilang isang bayani, matapat na pampublikong tagapaglingkod, at tagapagtanggol mula sa mga kriminalidad dulot ng narkotiko (Malindog-Uy, 2021). Siya ay ipinakilalang nakapagpabagong buhay, nakapagbigay interbensyon, at nakapaglaan ng pasilidad para sa *drug personalities* sa kanilang rehabilitasyon at muling pagbabalik sa lipunan (Antonio, 2021). Kung ganoon, nabigyang linaw ang kapasidad ng aktor na *ayusin* ang adik bilang *bago* at *kapaki-pakinabang* na indibidwal (Amnesty International, 2019). Halimbawa, sa ulat ni Geducos (2021, para. 7): "*I am a Filipino and I love my country. I do not want my country in disarray because of drugs. I do not want families [to] break up and become dysfunctional.*"Nakita na ang pagliligtas ay naitaas alinsunod sa *pagmamahal* ng aktor sa kanyang kapwa bansang pinamunuan at ang pagpapahalaga nito sa pamilyang Pilipino—na "*kung mag-relax, patay ang Pilipino*" (Ciasico, 2019, para. 3). Suhay rito, sa pagturan ng "*we waged war...*" *(Geducos, 2021, para. 11)*, nagawang maihanay ni Duterte ang Gera bilang isang sambayanang laban sa droga at mga adik (Baron & Tiangco, 2019). Sa ekstensyon, maituturing ito na mobilisasyon ng suporta sa isang kolektibong pagkilos na, bagamat hindi tuwiran, nabigyang katuparan ang paghahanay ng "*tayo*"—bilang mga inosente, laban sa "*kanila*"—na mga adik at kriminal.

Ito ay malaking kontradiksyon sa representasyon ni Duterte sa alternatibong midya bilang isang ***mangwawasak*** (20 balita) na nagpalaganap ng lagim, takot, at pamamaslang sa lipunan. Primaryang nakita ito sa ulat ng PW (2021, para. 14): "*Ang sinumang sumira sa bansa ko, papatayin ko, at ang sumira sa kabataan ng bansang ito,*

*papatayin ko.*" Malinaw ang mensahe ni Duterte: nakahanda siyang sirain ang lahat ng nagiging banta sa kaligtasan sa kanyang minamahal na bansa at kabataan—na alinsunod sa kanyang pangako na "*end[ing] it swiftly, if brutally*" (Pagaduan-Araullo, 2017, para. 12). Nakita na may "*deranged desire*" ang aktor na ipagpatuloy ang kanyang polisiyang nakakamatay at ang kanyang "*shameless apologia*" para sa *drug war* at kontra-insurhensyang operasyon (Umil, 2021) para lamang mapigilang maging "*narco-state*" ang bansa (Umil, 2016). Kung ganoon, ang *panonokhang* ay tinuring bilang isang "*explosion of violence that is spiraling out of control*" (Ellao, 2020, para. 8) na nagresulta sa isang "*environment of impunity*" (Umali, 2020).

***Dugo ng Adik: Danak v. Sabik***

Naipakilala ang aktor alinsunod sa reperensiya sa *dugo* sa dalawang pahayagan. Sa pangmasang midya, si Duterte: "*...has promised to spill the blood of anyone involved in drugs—dealer or user in the present or in the past*" (Pacia, 2016, para. 3). Ang aktor ay naikabit sa kanyang pangakong *pagpadanak* ng dugo ng adik at tulak na suhay sa kanyang pangakong "*bloody drug war*" bilang kanyang "*true legacy*" (Geducos, 2021). Kung kaya't nabigyang representasyon bilang "***tagapagpadanak***" (17 balita). Ito ay isang manipestasyon na ang adik ang kalaban at problema sinusugpo ng aktor, hindi ang mismong sustansiya na droga—kung saan, ang aktor ay nagbibigay utos at nagbanta na: "*...to shoot to kill you. I don't care about human rights, you better believe me*" (Aning, 2021, para. 11).

Samantala sa alternatibong midya, naitanghal ang aktor bilang ***sabik sa dugo*** kung saan kaabikat ng kanyang pangako para sa isang *madugong panunungkulan* (Umil, 2021) at *madugong rehimen* (Teodoro, 2017) na nakatahi sa pagkilala sa Oplan Tokhang bilang isang *madugong kampanya* (Ayroso, 2017) at isang *madugong digma* (Dumalag, 2021). Ito ay nasalin naman sa aktuwal sa libu-libong mga biktima ng *panonokhang* (Umil, 2021) na kinilala bilang *madugong utang* (Ellao, 2020). Sinasabi na ang "*blood lust*" ng aktor ay walang kasiguraduhang matutugunan (Umil, 2021) at tila hindi pa "*satisfied*" (Dumalag, 2021) sa nangyaring *panonokhang.*

***Kunsintidor v. Tagabasbas***

Bilang *Commander-in-Chief*, nakita ang magkaibang kasangkutan ni Duterte sa Oplan Tokhang. Sa pangmasang midya, kinilala ang aktor bilang ***kunsitidor ng pulisya*** (10 balita)—isang entidad na nakalikod at nagbigay ng kapangyarihang pulitikal, suportang rekurso, at proteksyon sa sangkapulisan—na sinasabi ni Sarao (2021, para. 4), "*puro pagpatay at puro pagbigay kunsinte lang sa mga pulis*". Dinepensahan ni Duterte ang ahensya ng *law enforcement* tungkol sa mga nangyaring *panonokhang* (Antonio, 2021). Aniya, "*I will have to defend them. I will listen to the story and I will take it as the true version... because they are under me, I should believe them*" (para. 9) at nakahanda itong mabilanggo para sa kanyang mga pulis (Reuters, 2016). Sa

ganitong pahayag, nahinuhang hayrarkikal ang relasyon ng pulisya at gobyerno sa isinagawang *panonokhang*. Kung ang pangulo ang nasa likod ng pulisya at ang pulisya ang nasa likod ng mga operasyon; ang pamamaslang ay may kunsinte ni Duterte.

Samantala, nakita ang aktor bilang nakakataas na ***tagabasbas*** (18 balita) sa pulisya para sa kanilang mga lehitimong operasyon ng *panonokhang*. Primarya itong nakita sa ulat ni Galang (2017, para. 12): *"Sa 'di na mabilang na mga pahayag ng Pangulo, malinaw na may basbas siya sa extrajudicial killings."* Mula sa salitang binitawan, ang serye ng pagpatay sa bansa sa ngalan ng *drug war* ay nabigyang bisa at naisakatuparan. Dito, nabigyan ng panibagong sentralisasyon ang kapangyarihan mula sa lokal patungo sa pangnasyunal na gobyerno. Ang pahayag ng aktor ay nakita bilang mga "*salitang nakamamatay*" (Galang, 2017). Halimbawa, sa ulat ni Olea (2016, para. 12): "*Bigyan ng baril kapag wala at kapag hindi nanlaban, palabanin ninyo.*" Ang "*simpleng utos*" (Galang, 2017) ang nagbigay laya sa kapulisan na isagawa ang layunin ng kampanya—mga salitang nasalin sa "*walang pakundangang pagpatay*" (Galang, 2017) sa mga biktima na tinuring bilang "*kalat*" (Marasigan, 2020) at "*sumisira*" (Umil, 2021) sa lipunan. Dahil sa patuloy na "*basbas mula sa nakakataas*" (Galang, 2017), naipakilala si Duterte bilang "*Impunity King*" (Ayroso, 2017) na nabigyang laya ang sarili at pulisya upang *manokhang* na humantong sa "*state-sponsored killings*" o mga pagpatay na binigyang bisa ng estado (Amnesty International, 2020).

***Walang Salang Pinuno v. Protektor ng Pulisya***

Nakita si Duterte sa pangmasang pahayagan bilang ***walang salang pinuno*** (11 balita) kung saan ang dagsang pagkamatay ng adik ay hindi dapat maisisi sa aktor. Halimbawa, sa ulat ni Terrazola (2021, para. 8): "*The spate of killings of drug suspects in poor communities, including teenagers, should not be blamed on the Duterte administration—attributing the deaths to government was 'ridiculous'*". Nang magpahayag ng desisyon ang *International Criminal Court (*ICC) na magsagawa ng imbestigasyon tungkol sa *drug war*, tinawag ito ni Duterte bilang isang *kalokohan* (Geducos, 2021) dahil pinasimulan niya lamang diumano ang programa sa kagustuhang *magbigay proteksyon* (Antonio, 2021). Bagamat sinipi ang aktor bilang indibidwal na nagpahayag ng mga pananakot at pagbabanta katulad ng "*Papatayin kita!*" (Ciasico, 2019) o "*Shoot them dead!*" (Aning, 2021), pinabulaanan na "*no one is giving command to 'kill, kill, kill'*" (Mercado, 2020) kung kaya't ang aktor ay "*not liable*" (Aning, 2021) sa mga nangyaring *panonokhang*. Sa prinsipyo ng pagkakasala sa ilalim ng *command responsibility*, sinasabi na walang pananagutan si Duterte sapagkat bilang "*chief implementer of the law*" ay nagawa nitong *patalsikin* ang mga pulis na may salarin sa *panonokhang* (Aning, 2021). Ang naratibong ito ang sinasabing sumuhay naman sa *tiwala* (Geducos, 2021) ng publiko sa kampanya.

Sa alternatibong midya, nakita naman si Duterte bilang ***protektor* ng pulisya** (13 balita) mula sa kanilang mga paglabag sa batas, partikular sa pagkakasangkot sa EJKs. Sila ay "*empowered by [Duterte's] assurance of immunity*" (Teodoro, 2017) kung saan nagbigyang proteksyon at, kung nakulong man, nagawaran ng pagpapawalang-sala dahil ang pulisya, ani Duterte, ay "*merely doing their job*" (Pagaduan-Araullo, 2017). Ito naman ang "*…nagbibigay ng walang habas na kapangyarihan sa kapulisan at awtoridad upang pumatay… ng mahihirap*" (Saladero, Jr., 2019, para. 6). Bilang protektor, nagawaran ni Dutere ang pulisya ng "*right to employ lethal force*" (Pagaduan-Araullo, 2017) at mabigyan ng "*libreng legal assistance*" (Ellao, 2021). Mula rito, nabigyang normalisasyon ang pagpatay labas sa sinasaad ng batas at nakita ang *panonokhang* bilang kabahagi ng lehitimong operasyon. Ang paggawad ng kalayaan at pagbigay lakas ni Duterte sa sangkapulisan ay batay sa pagiging masunurin ng pulisya na isakatuparan ang pamamaslang sa adik na, ayon kay Pagaduan-Araullo (2017), tinuring bilang mga hindi makakapagpanibagong buhay; kung ganoon, hindi na maaring maisalba.

**Pigura 6**.
Buod ng Representasyon ng Pulisya.

| Ang Pulisya | |
|---|---|
| **Pangmasang Midya** | **Alternatibong Midya** |
| • Mga Tagapagligtas | • Kriminal |
| • Tagapagtanggol ng Sarili | • *Killing Machine* |
| • Indibidwal na Entidad | • Isang Institusyon |

***Tagapagligtas v. Kriminal***

Sa pangmasang midya, ang pulisya ay kinilalang ***tagapagligtas*** (25 balita) mula sa masasamang adik na kinailangan nilang labanan upang maisagawa ang mandato na makapagsilbi sa bayan. Mayorya sa mga artikulo ang pagbigay tuon sa mandato ng pulisya na "*to serve and protect*" (de Jesus & Mangosing, 2017). Bilang isang organisasyon, sinabing ang PNP "*adheres to the rule of law, respects human rights, and values life*" (Damicog et al., 2019, para. 5). Naipakilala sila bilang "*committed*" (Damicog et al., 2019) sa pagpapatupad ng batas, sa paglalansag sa sindikatong adik, at sa pagbibigay ng alalay sa rehabilitasyon ng *drug dependents*. Kung saan, ang aktor ay naipakilala bilang may lubusang respeto sa karapatang pantao—na walang "*toleration*" (Recuenco, 2021) sa mga maling gawi at kriminalidad. Dagdag dito, ang pulisya ay nagpabatid na nagsagawa ng mga *inisyatibo* (Recuenco, 2021) upang siguraduhin na walang naganap na pang-aabuso sa karapatang pantao sa kanilang naging operasyon.

Ito ay taliwas sa pagpapakilala ng alternatibong midya sa sangkapulisan bilang ***kriminal*** (19 balita) na nagkubli sa likod ng kampanya upang ipagpatuloy ang karahasan. Primaryang nakita sa ulat ni Baldomero (2021, para. 1): "*...Bakit tila kapulisan mismo ang sangkot sa mga paglabag? May mandato ang kapulisan upang ipatupad ang batas pero bakit tila sila ang mismong lumalabag nito.*" Sinasabi na sa halip na maging "*highest paragons of justice*" at mga indibidwal na dapat nangunguna sa pagpapatibay ng kanilang mandato, ang sangkapulisan mismo ang nagpatupad ng mga kriminal na aktibidad gaya ng ekstorsyon, pagbebenta ng droga, pagkidnap, at pagpatay (Bazarte, 2017). Kung kaya't ang PNP ay tinaguriang isang "*organized crime syndicate*" (Baldomero, 2021) na nararapat lamang "*singilin ng mga mamamayan*" (Bazarte, 2017) at "*[nararapat] managot [sa] mga nangyaring pagpaslang*" (Galang, 2017). Mula rito, sinasabi na mas angkop na maging mandato at *motto* ng pulisya ang: "*to serve and protect the ruling class*" (Baldomero, 2021).

**Tagapagtanggol ng Sarili v. *Killing Machine***

Sa pangmasang midya, ipinakilala ang pulisya bilang ***tagapagtanggol ng sarili*** (13 balita) at sumuhay sa naratibo ng *self-defense* na nagpahupa ng napukol na pananagutan. Primaryang nakita ito sa: "*In cases when the lives of policemen are in danger, they also have to protect themselves*" (Recuenco, 2021, para. 5). Naipakita na ang PNP ay naaktuhan lamang sa isang engkwentro laban sa mga armado at marahas na suspek kung saan ang pulisya ay *met with fire* (Agoncillo et al., 2016), dahilan kung bakit sila nag-*return fire.* Mula rito, nasuhayan ang katuwiran na: "*[They] engage using firearms kung the situation calls na kailangang gumamit ng armas*" (Mercado, 2019, para. 9). Sa pamamagitan ng pagpapatibay sa naratibo na "*pinaghahandaan ng adik ang pulis,*" nakita na ang primaryang layunin ng organisasyon ay unahing "*iligas ang pulis kaysa sa kaligtasan ng adik*" (de Jesus & Mangosing, 2017, para. 52) dahil "*maraming pulis ang namatay [na]*" (Mercado, 2020, para. 7). Nagbigay naman ito ng normalisasyon sa pamamaslang dahil sa pagsuhay sa katuwiran na"*may karahasan talaga dahil ito ay digma*" (Mercado, 2020, para. 9).

Samantala, sa alternatibong midya, kinilala ang aktor bilang ***killing machine*** (17 balita) at nakita bilang aparato ng estado na nagsagawa ng layunin ng kampanya upang lansagin ang sirkulasyon ng droga sa pamamagitan ng pagnyutralisa sa adik (Baldomero, 2021). Sinasabi na: "*These barbaric atrocities [are brought] by the killing machine of the Duterte regime*" (Teodoro, 2017, para. 2). Bilang makinarya, inalisan ng pagkatao at sariling pag-iisip ang pulisya bilang mga kasangkapan ng rehimen na primaryang kumilos batay sa orden ng pagkitil—na"*shoot first, ask questions later*" (Umali, 2020). Nabigyang representasyon ang pulisya bilang "*sangkot*" sa mga *panonokhang* (Galang, 2017) at bilang "*unrepentant*" sa pagbigay katuwiran ng pamamaslang na "*tila [may] pangingibabaw ang mga ito sa*

*batas*" (Baldomero, 2021, para. 25). Ani Timberman (2019), ang Tokhang ay hindi tunay na lumutas sa problema ng proliperasyon ng ilegal na droga. Sa halip, ito ay nagbigay lamang ng lisensya sa sangkapulisan na pumaslang nang may katiyakan sa pagkaka-absuwelto mula sa kaso ng EJKs; kung saan sinasabing"*binubusog ng administrasyong [Duterte] ang mga pulis*" (Baldomero, 2021, para. 27). Ang representasyong ito ay nakatahi sa diskurso ng "*killing state*" (Fernquest & Johnson, 2018) kung saan ang mga pagpatay ay "*state-perpetuated*" (Umali, 2020).

***Indibidwal v. Institusyon***

Sa kaso ng *panonokhang*, nakita ang sangkapulisan bilang nakabukod at ***indibidwal na entidad*** (15 balita). Mula sa ulat ni Mercado (2020, para. 13): "*Please do not judge the profession, judge the person kasi kung profession ang jiu-judge mo, lahat na yan. [Ilang] percent yang siraulong pulis, karamihan ay gumagawa ng matino, kawawa naman madadamay ang buong organisasyon.*" Napagtanto ang pagbibigay tuon na ang naaktuhang pulis na salarin sa panonokhang ay gawain lamang ng partikular na aktor—"*[who] acted on their own*" (de Jesus & Mangosing, 2017)—at hindi ng buong sangkapulisan. Kung kaya't naikabit ang pananagutan at kondemnasyon sa piling indibidwal at nahayaan na magpatuloy ang Oplan Tokhang. Ang sinabing nakabukod na *panonokhang* ay "*not in the performance of duty*" (Ramos & Subingsubing, 2018) ng PNP at katulad ng ibang organisasyon, "*[they] are not perfect*" subalit, sa kabila nito, sila ay nanatiling "*committed*" sa kanilang "*internal cleansing*" (Damicog et al., 2019). Suhay rito, nakita ang polarisasyon ng *masasama* at *mabubuting* pulis kung saan ang pananagutan ay naipukol sa *masasamang* pulis at ang responsibilidad na magpanagot ay napunta sa *mabubuting* pulis. Kung kaya't maari nitong mailayo ang diskurso tungkol sa sistematiko at hayrarkikal na pagpapairal ng *drug war*.

Ito naman ay taliwas sa representasyon ng alternatibong pahayagan sa sangkapulisan bilang ***isang institusyon*** (11 balita). Dito, ang kilos ng *masamang* pulis ay salamin sa operasyon ang PNP bilang isang organisasyon. Mula sa ulat ni Galang (2017), nakita na ang pagtingin sa pagkitil sa ilalim ng Gera ay isang gawaing may institusyunal na responsibilidad para sa sangkapulisan. Nakita sa diskurso na hindi lang ito gawain ng ilang "*siraulong pulis*" (Bazarte, 2017) sapagkat kailangang kilalanin ang prinsipyo ng "*command responsibility*" kung saan ang indibidwal na nagbigay ng orden ay "*dapat managot*" (Sarao, 2021) sa mga krimen ng kanilang mga tauhan na nagsagawa ng utos. Ang pamamaslang, bagama't sinabing *hiwalay na kaso*, ay kinakitaan ng padron mula sa iisang salaysay ng engkwentro, sa paglaban ng adik, at hanggang sa ebidensyang natagpuan sa pook ng krimen (Amensty International, 2019). Kung ganoon, nakita ang *panonokhang* bilang isang pangkahalatang kilos na nagbigay pananagutan sa mismong institusyon.

Pigura 7.
Buod ng Representasyon ng Adik.

| Ang Adik | |
|---|---|
| **Pangmasang Midya** | **Alternatibong Midya** |
| • Estadistika<br>• Kaaway ng Estado<br>• *Target* na Mahihirap<br>• Hindi Tao | • Mahal sa Buhay<br>• Aktuwal na Biktima<br>• Naghihirap na Mahirap<br>• Isang Tao |

***Tao v. Hindi Tao***

Sa pangmasang midya, nailarawan ang adik bilang ***hindi tao*** (21 balita) na dulot ng pagtingin ni Duterte na hindi opsyon ang rehabilitasyon para sa kanila dahil diumano ang kanilang *utak ay pinaliit ng droga*—na walang pandama at kakayang makapag-isip (de Jesus & Mangosing, 2017). Mula rito, natanggal ang kanilang pagkakataong makapagpanibagong-buhay at maisalba mula sa pagkalulong sa narkotiko dahil, batay kay Torres-Tupas (2021), nakita lamang sila ng administrasyon bilang "*not of sound mind.*" Sa pagbihis sa Gera bilang isang uri ng pagliligtas, nagawa nitong ipatupad ang EJKs nang may pagtalikod sa karapatang pantao ng adik. Halimabawa, ang ulat sa pagkamatay ng mga *natokhang* ay natukoy lamang bilang mga *patay na katawan* (See, 2016). Bilang mga hindi *tao* o pagkakaroon ng mababang-antas ng pagiging tao, sila rin ay naipakita bilang mga hayop katulad ng isang *manok* (See, 2016) o *baboy* (de Jesus & Mangosing, 2017) kung saan ang *panonokhang* ay tila naging isang akto ng "*hunting*" (See, 2016) ng mga kinilalang suspek. Ang pag-alis ng pagkatao ng aktor ay pagtalikod sa taglay nitong karapatan bilang isa. Ito ay naturing bilang isang *crime against humanity* (Timberman, 2019), na ani Duterte, "*Crime against humanity? In the first place, I'd like to be frank with you: are they humans?*" (France-Presse, 2017, para. 21).

Ito ay salungat sa pagkilala ng alternatibong midya sa adik bilang ***isang tao*** (18 balita) na may kani-kaniyang pangalan at pagkakakilanlan. Ani Umil (2016, para. 7), "*Drug addicts should be treated as humans who have turned to substance abuse, like alcohol or illegal drugs, as a way of coping with problems.*" Kontradiksyon sa pagiging "*siraulo*," nakita ang adik bilang mayroong problema sa kalusugang mental dulot ng kawalang trabaho, mga sakuna, at mga polisiyang kontra-mahihirap—katulad ng pagsasapribado ng mga serbisyong medikal—ang naging dahilan kung bakit sila nalululong sa droga (Umil, 2016). Kung kaya't nararapat lamang maturing "*ang lahat ng adik [bilang] mga tao*" (Olea, 2016, para. 19). Nabigyang mukha ang talang numero at malamig na estadistika ng mga biktima sa ilalim ng *drug*

*war*—na may "k*onteksto sa likod ng adiksyon ng isang adik*" (Umil, 2016, para. 1). Ang mga adik ay higit pang nabigyang nang makataong katangian sa pagpapakilala sa kanila bilang isang *mabuti* at *mabait* na indibidwal (Villalon, 2019) at bilang mga tao na may pangarap para sa sarili at pamilya (Pagaduan-Araullo, 2017).

***Estadistika v. Mahal sa Buhay***

Ang adik ay nailarawan sa pangmasang midya bilang ***estadistika*** (21 balita) na napasabilang lamang bilang panukat ng hangganan ng Gera. Halimbawa, sa ulat ni Subingsubing (2021, para. 19): "*Kung makakapatay ng 32 na adik kada araw, baka sakaling mababawasan ang sumisira sa bansa.*" Ang mga datos sa siniping ulat ay halos nagmula sa pulisya—na kung ilan ang bilang, kabuuan, at kaso ng matagumpay na napasuko o napatay. And adik ay natanggalan na pagkatao, nahubaran ng pagkakakilanlan, at naisantabi ang kuwento dahil napagaan ang pag-ulat ng kanilang pagkamatay at humantong lamang sa pagiging isang numero na kadalasan ay walang reperensiya sa kanilang pangalan at konteksto. Kung kaya't nagawang iwangis sa iisang mukha at nakabitan ng estereotipo ang adik. Sa pagtatasa sa mga balita, nakita na nagkaroon na isang ayos o porma ang pag-ulat tungkol sa mga nasawi. Ang akto ng pagpatay ay kalimitang naisulat sa dalawang paraan:

a. pagsisimula sa salita na "*pagpatay*" + paglalagay ng bilang ng napatay + Pagkakabit ng mga pang-uring salita na "*drug user*", "*drug addict*", "*drug dealer*" o "*drug suspects*".
b. bilang ng mga napatay + pagkakabit ng mga pag-uring salita na "*drug user*", "*drug addict*", "*drug dealer*" o "*adik*" + pagkakabit ng mga pangdiwang salita na "*pinatay*".

Samantalang sa alternatibong midya, ang aktor ay naipakilala bilang mga ***mahal sa buhay*** **(**15 balita**)**—mga "*slained*" (Teodoro, 2017) "*loved ones*" (Umil, 2017) na maaring isang ama, asawa, at anak para sa "*ones left behind*" (Dumalag, 2021). Para sa naiwang pamilya, bagamat "*maaring matagal na silang patay [at] hindi na sila maibabalik, pero tanging hustisya lamang ang makakapagbigay [sa kanila] ng kapayapaan at hinahon*" (Ellao, 2021, para. 14). Kinilala ang katotohanan at karanasan ng adik bilang namumuhay sa labis na kahirapan—kung saan sa Tokhang, "*maraming maralita ang nabiktima, sangkot man sa droga o hindi*" (Galang, 2017). Kinilala sila sa konteksto kung saan ang kahirapan at panlipunang problema ang *nagtutulak* sa adik upang isangkot ang sarili sa droga (Pamintuan, 2016) at kung bakit ang adik na mahirap ay isang adik at kung bakit hindi lahat ng mahirap ay isang adik.

***Kaaway ng Estado v. Aktuwal na Biktima***

Sa pangmasang midya, nabigyang representasyon ang adik bilang ***kaaway ng estado*** (12 balita) na walang pakialam sa kanilang kapwa. Bilang kriminal, ang aktor ay naalisan ng  kawalang-kasalanan dahil sa pahayag na "*walang inosenteng kriminal*" at sinasabing nagdulot lamang ang adik ng kapahamakan at nagbigay banta sa kaligtasan ng "*mamamayang namumuhay ng tahimik*" (Baron & Tiangco, 2019). Tinuring ang adik bilang *kaaway ng administrasyon* na dapat *sirain* (Siytangco, 2019) at bilang "*plague*" (Ramos & Subingsubing, 2018) na dapat tapusin. Kung ganoon, nakitang matimbang sa administrasyon ang *buhay ng inosente* (Siytangco, 2019) at dispensable ang buhay ng adik. Sa ekstensyon, nagawa ng Gera na humati ng dalawang panig na kinakapalooban ng mga tauhang may pagkakakilanlan bilang mga gagapin, mga magsasalba, at mga ililigtas.

Samantalang, ang alternatibong midya ay nagpakilala sa adik bilang mga ***aktuwal na biktima*** (12 balita) at *napinsala ng panlipunang karahasan* (Umil, 2016). Pinatungkulan sila bilang tuwirang biktima sa pang-aabuso ng *drug lords* para sa pinansyal na kapakinabangan (Pamintuan, 2016). Ang pulitikal na pagtingin sa proliperasyon ng droga ay pagtingin sa relasyon ng kapangyarihang umiiral sa lipunan na may pandudumina ng "*big-time drug lords*" (Umil, 2016) sa "*small drug addicts*". Kung ganoon, nakita na may dalawang panig na sangkot sa sirkulasyon ng droga na nagpalitaw ng metapora ng *malaki* at *maliit* na *target* ng Gera. Mula sa metapora ng *liit* at *laki* ng isang adik, nahinuha ang nakitang halaga ng aktor sa mata ng indibidwal na nasa likod ng *panonokhang*. Napagtanto na mas bulnerable at dispensable ang *malilit* na suspek sapagkat—na batay kay Umil (2017), ang mga naging pamumurga ay naganap sa mahihirap na komunidad kung saan ang mga pinaghihinalaang *maliit* na *drug user*, *pushers*, at *carriers* ang napatay nang walang paglilitis (Umil, 2017).

***Target*** **na mahihirap v. Naghihirap na Mahirap**

Sa pangmasang midya, nakilala ang adik bilang ***target na mahihirap*** (17 balita) at naihanay batay sa kanilang katayuang ekonomikal—dahilan kung bakit sila ang asintahan ng digmaan. Batay kina de Jesus at Mangosing (2017, para. 12): "*Drug addicts are at risk of being targeted for extrajudicial killing.*" Ang *drug war* ay higit na naisakatuparan sa pinakamahihirap na bahagi ng bansa kung nasaan ang mga bulnerableng indibidwal. Ani See (2016), "*one thing the [victims] had in common was poverty.*" Kung ang isang suspek ay mayaman at makapangyarihan, sila ay napalaya; ngunit kung ang suspek ay mahirap at walang laban, sila ay natagpuan na lamang nakahandusay sa eskinita sa parehong komunidad kung saan sila nakatira (Sarao, 2021). Susog pa ni Antonio (2021), ang *panonokhang* ay "*largely targeting small-time drug peddlers as opposed to rich drug lords*" dahil para sa administrasyon ay "*hindi na kailangan magnegosyo ng mga 'big fish' dahil mayaman na [sila]* kung kaya't ang asintahan

ng *drug war* ay nakatuon sa mga maliit na adik.

Samantalang sa alternatibong plataporma, kinilala ang adik bilang ***naghihirap na mahirap*** (26 balita)—mga maralitang indibidwal na namumuhay sa kahirapan. Halimbawa, sa ulat ni Bazarte (2017, para. 1): *"We, the poor are the first ones to get killed... When we get caught for the slightest offense, we get killed right away."* Sinasabing ang pamilya mula sa maralitang sektor ay namumuhay na sa isang bulnerableng kalagayan dulot ng mga sakit, pagbaha, sunog, at demolisyon; kaya naman nang mapasimulan ang *drug war*, sila ay lubhang nailugmok sa kahirapan dulot nang pagkamatay ng kanilang mga kamag-anak na kalimitang bumubuhay sa kanilang pamilya (Villalon, 2019). Napagtanto na *marahas*, *nakalihis*, at *mali ang direksyon* ng Tokhang (Teodoro, 2017) dahil sa pamumurga ng Gera sa indibidwal na mababa ang katayuang sosyo-ekonomikal sa lipunan na binansagan bilang indibidwal na *nakatsinelas* (Sepe, 2018). Ang *drug war* ay pangangatay lamang sa mahihirap (Ellao, 2019). Ani Umil (2020, para. 1), *"Because victims tend to be from lower socio-economic classes and relatively disempowered communities, there is an even stronger imperative to ensure their protection."* Ang kalimitang droga na natagpuan sa posesyon ng adik ay *methamphetamine* o shabu na kilala naman sa tawag na *poor man's cocaine* (Pamintuan, 2016)—isang manipestasyon na ang Gera ay laban lamang sa sustansiya na gamit ng mga mararalita aktor.

Pigura 8.

Buod ng dominanteng representasyon ng mga aktor ng Gera.

| Pangmasang Pahayagan | | Alternatibong Pahayagan | |
|---|---|---|---|
| | **Duterte** | | |
| Tagapagpadanak | 17 | Mangwawasak | 20 |
| Tagapagligtas | 25 | Sabik sa Dugo ng Adik | 17 |
| Kunsintidor ng Pulisya | 10 | Protektor ng Pulisya | 13 |
| Walang Salang Pinuno | 11 | Tagabasbas | 18 |
| | **Pulisya** | | |
| Tagapagligtas | 25 | Kriminal | 19 |
| Tagapagtanggol ng Sarili | 13 | Killing Machine | 17 |
| Indibidwal na Entidad | 15 | Isang Institusyon | 11 |
| | **Adik** | | |
| Estadistika | 21 | Naghihirap na Mahirap | 26 |
| Kaaway ng Estado | 12 | Mahal sa Buhay | 15 |
| Target na Mahihirap | 17 | Isang Tao | 18 |
| Hindi Tao | 21 | Aktuwal na Biktima | 12 |

Sa pagbubuod, mula sa pigura, nahinuha na naging dominanteng representasyon ni Duterte at ng sangkapulisan para sa pangmasang pahayagan ay bilang mga *tagapagligtas*. Subalit para sa alternatibong pahayagan, si Duterte ay naipakilala bilang isang *mangwawasak* at ang pulisya at nabigyang pagkakakilanlan bilang isang *kriminal*. Para naman sa representasyon ng adik, sila ay primaryang nakilala bilang *estadistika* at *hindi tao* sa pangmadlang plataporma. Subalit sa alternatibong midya, sila ay nailarawan bilang mga *naghihirap na mahirap*.

## Kasangkutan ng Aktor ng Gera

***Pangmasang Pahayagan***

Mula sa mga ulat ng pamamaslang sa adik, ang gampanin ng aktor na siyang pumatay sa biktima ay nabura o naalis.

> "*Joaquin was found dead on Kanduli Street in Barangay North Bay Boulevard South, his hands tied behind his back*" (See, 2016, para. 5).

Mula sa ulat, mayroong pagbanggit sa pagkamatay ng biktima, kung saan, at kung paano siya natagpuan, subalit walang aktor ang naikakabit sa mismong akto. Ang teksto ay maituturing na isang halimbawa ng supresyon na naisakatuparan gamit ang *passive agent deletion* dahilan ipang maikubli ang salarin ng *panonokhang*.

> "*A female drug suspect was killed after an alleged firefight with police officers during a buy-bust operation*" (Torres-Tupas, 2021, para. 1).

Ang pagkaka-ulat sa pagkamatay ng *female drug suspect* ay sinulat sa pasibong boses na walang inklusyon sa pumatay. Nabigyang inklusyon ang sabjek sa pamamagitan ng generisisasyon na natukoy sa pangkalahatang anyo na kinabitan ng *indefinite* na artikulo na "*a*". Nabigyang intensipikasyon ang tagpo sapagkat ang pagkamatay ng sabjek ay sinundan ng *alegasyon* na nagpalabnaw sa bigat at katotohanan ng tagpo.

> "*Seven people, including three teenagers and a pregnant woman, were shot dead by armed masked men looking for a drug suspect*" (See, 2016, para. 1).

Bagaman gumamit ng aktibong boses sa pag-uulat at naisama ang *doer*, ang sabjek na pumatay ay naipakilala bilang armadong indibidwal na walang pagkakakilanlan na walang mukha at ngalan—kung ganoon, walang kapanagutan ang maikakabit.

Nahinuha naman, gamit ang pagpapasalikod, na walang pagbanggit kay Duterte na kadikit o kasunod sa akto ng pamamaslang. Halimbawa, sa ulat ni Geducos (2021), bagamat may paglalahad ng bilang ng nasawi sa ilalim ng *drug*

*war*, naihiwalay si Duterte sa mga akto ng nangyaring *panonokhang*—dahilan kung bakit natukoy lamang ang mga kritisismo bilang "*balakid*". Sa tekstong nabanggit ang *doer*, nakaposisyon si Duterte sa malayong bahagi ng impormasyon ukol sa *panonokhang*. Ang pagpapasalikod ang sumusog sa representasyon ng aktor bilang isang *inosenteng lider* na hindi dapat masisisi sa marahas na pamamaslang sa ilalim ng kanyang Gera (Aning, 2021). Bagamat ang adik ang sentro at nakalakip bilang sabjek sa ulat ng pamamaslang, ang aktor ay nabigyang inklusyon sa pamamagitan lamang ng impersonalisasyon at nailarawan gamit ang hindi kongkretong ngalan at semantikong katangian ng "*tao*"—bilang mga indibidwal na *maliit ang utak* at *walang kakayahang kognisyon*, at *kinatay* na tila isang *manok* o *baboy*.

Sa pamamagitan ng asimiliasyon at agregasyon, ang adik ay naturing bilang *estadistika* na may pare-parehong mukha, may partikular na estereotipo, at may iisang kinasapitan. Nakasangkapan ang objektibasyon sa pagkilala sa adik bilang *asintahang mahihirap* dahil sa pagbibigay reperensiya sa lugar na malapit sa kanila—sa mahihirap na komunidad—kung saan, itinaas ang antas-kalyeng pagpapatupad ng *drug war* (Ellao, 2020). Sa pagbigay identipikasyon sa adik batay sa kanilang kalagayang ekonomikal, nailahat at naikulong sa iisang lokasyon at sektor ang estereotipo ng adik.

Gamit ang abstraksyon, natukoy ang aktor batay sa pagiging *kaaway* nito ng estado—na mga "*siraulo*" at "*walang pakialam sa kapwa Filipino*" (Baron & Tiangco, 2019). Naikabit sa aktor ang katangian bilang mga *hindi inosente*, *mga problema* (Geducos, 2021), at *mga kalat* (Marasigan, 2020) na dapat *sirain* (Siytangco, 2019) at linisin ng administrasyong Duterte upang maisakatuparan ang layunin ng *drug war*. Mayoryang nakasangkapan ang ispesipikasyon sa pagkilala kay Duterte at sa pulisya. Halimbawa, si Duterte ay naipakilala bilang pangulo, ang pulis ay natutukoy sa kaniyang pangalan at posisyon sa loob ng PNP, ngunit ang mga aktor na *natokhang* ay nabigyang pagkakakilanlan gamit ang panlahat na paraan at natukoy lamang bilang mga suspek na "*adik*" o "*tulak*".

Mula rito, sa pamamagitan ng relasyunal na identidad at klasipikasyon sa lipunan, nakita kung paano ang aktor na si Duterte at pulisya ay nailarawan bilang mataas na indibidwal alinsunod sa representasyon bilang mga *tagapagligtas*. Gamit naman ang personal na identidad, naipakita na *matapat* (Siytangco, 2019) at *responsable* (Quismorio, 2021) ang mga tagapagpatupad ng Gera naglingkod alinsunod sa mandato ng pagbibigay *serbisyo* at *proteksyon* sa bansa (Damicog et al., 2019). Samantala, ang mga adik ay nakabitan ng katangian bilang *bayolente* (PDI, 2017) at *marahas* (Torres-Tupas, 2021) na sumuhay sa diskurso ng kriminalisasyon ng droga at pagiging kriminal ng mga sangkot sa sirkulasyon nito.

***Alternatibong Pahayagan***

> "*Delos Santos, a 17-year-old senior high school student, was shot dead by Caloocan City policemen who accosted him during anti-drug operations and claimed he pulled out a gun and fired at them*" (Ayroso, 2017, para. 3).

Mula sa pag-ulat ng pagkamatay ni Kian, nakita na hindi lamang pinangalanan ang biktima at pinahayag ang akto ng pagkakapaslang, bagkus tuwiran din nakabitan ng pananagutan ang aktor na may salarin.

> "*Police have killed an estimated 712 suspected "drug pushers and users*" (Olea, 2016, para. 4).

Dito, naitahi ang relasyon ng pulisya sa mga kinilalang adik sa isang tagpo ng *panonokhang*—ang pumatay at ang pinatay. Ito ay nakatahi sa representasyon ng pulisya bilang *killing machines* na may pananagutan sa mga siningil na buhay.

> "*All of these point to growing senseless violence and very real consequences of Duterte's acid tongue... Duterte has left a trail of blood and tears all over the country under the banner of 'peace and order*" (Umali, 2020, para. 18).

Ang kaninang aktor na napasalikod sa diskurso ng Gera ay nabunyag bilang isang indibidwal na nasa harap nito at nakita na ang karahasan at ang madugong panonokhang ay dulot ng mga salita nito. Kung saan, nakatahi sa representasyon nito bilang *tagabasbas* ng mga *panonokhang*.

Samantala, natukoy naman ang pulisya gamit ang panlipunang identidad at generisasyon—na nabigyang pagkakakilanlan bilang isang *institusyon*. Kung ganoon, ang pagkilos ng isang pulis ay produkto ng pagiging kabahagi nito sa sistema ng organisasyong kinabibilangan.

Sa dominyo ng alternatibong midya, primaryang nabigyang tuon ang adik at nabigyang inklusyon bilang mga *tao* at *aktuwal na biktima* ng pamamaslang na may patungkol sa kani-kanilang kuwento, lugar na pinanggalingan, at uri ng relasyon sa kanilang kapwa at lipunan. Nakasangkapan ang personalisasyon, gamit ang mapagkanyang panghalip at pangngalan, sa paglalarawan sa aktor bilang isang tao na may sariling pagkakakilanlan, pangalan, at pagkatao. Ang *tinokhang* ay hindi lamang natawag bilang "adik" o "suspek". Dahil rito, sa kabila man ng iisang kinahinatnan, sila ay naipakilala bilang indibidwal na may sariling ngalan, konteksto, katotohanan, at ugnayan. Ang adik ay isang *tao* at sa pagkawala ng isang adik, may isang *mahal sa buhay* na nawala at may isang pamilya na naiwan ng lumisan.

Nabigyang inklusyon ang adik gamit ang ispesipikasyon susog sa pagkakakilanlan bilang *naghihirap na mahirap* at pinakilala ang kanilang kuwento bilang isang asawa, anak, ama, at mahal sa buhay. May mga biktima na kabahagi ng 4Ps (Villalon, 2019) manggagawa (Espiritu & Pasion, 2018), *breadwinner* ng pamilya (Villalon, 2019), gumagamit ng droga dahil sa problema sa pera (Gardo, 2019), dating nagtulak at sinubukang magbagong buhay (Guda, 2017), at sumuko sa pulisya dulot ng kahirapan (Baldomero, 2021). Sa pamamagitan ng pagpapakilala sa aktor bilang *aktuwal na biktima*, hindi lamang sila nakita bilang bangkay na namataan at tinapon sa isang sulok ng eskinita—na sa kabila nang kalimitang pagkawala ng kanilang mukha dulot ng karahasang natamasa, hindi lamang sila napaliit bilang mga simbolo ng karatulang nagsasabing sila ay "*adik na huwag dapat tularan*".

***Nanonokhang v. Tinotokhang: Aktor ng Gera sa Ideological Square***

Mula sa representasyon ng aktor lapat sa *ideological square*, nahinuha na may dalawang pangkat ng Gera na nakaposisyon sa magkabilang dulo ng polar—sa pagitan ng *Nanonokhang*, si Duterte at pulisya bilang "*Tayo*", at *Tinotokhang*, ang adik bilang mga "*Sila*". Natukoy ang *Nanonokhang* bilang *ingroup* o pangkat na nasa loob at ang *Tinotokhang* bilang *outgroup* o pangkat na nasa labas.

**Pigura 9**.

Buod ng presentasyon ng mga aktor sa dalawang midya gamit ang *ideological square.*

| | Pangmasa Pamahayagan | Alternatibong Pamahayagan |
|---|---|---|
| **Nanonokhang** | Positibong pagpapakilala ng *tayo* | Negatibong pagpapakilala ng *tayo* |
| **Tinotokhang** | Negatibong pagpapakilala ng *iba* | Positibong Pagpapakilala ng *iba* |

Ang representasyon ng aktor sa pangmasang plataporma ay kinakitaan ng hayperbolikong pagbibigay-tuon sa positibong paglalarawan sa *Nanonokhang* at negatibong paglalarawan sa *Tinotokhang*. Nakita ito sa pagkakakilanlan ng *Nanonokhang* bilang *tagapagligtas* na nagtaas at nagsagawa ng Gera dahil sa kanilang pagmamahal para sa bayan at mandato na magbigay *serbisyo* at *proteksyon* sa mamamayan. Nasuhayan ang *drug war* sa pamamagitan ng pagpipinta sa adik bilang *iba*—mga kriminal na nagbibigay banta sa kaayusan at kapayapaan ng bansa at kaligtasan ng *law-abiding* at *god-fearing* na mamamayan. Dito, ang pagkakakilanlan ng isang *kaaway* ang nagbigay katuwiran kung bakit kinakailangan ng isang *tagapagligtas*. Sinasabi ni Homolar (2021), esensyal sa pagiging bayani ang malinaw na larawan ng katunggali kung kaya't ang

paglawak ng polarisasyon at higit na pagtulak ng kalaban sa dulo ng polo ay ang pagpapaigting ng kaibahan ng *kabutihan* ng bayani at *kasaman* ng kalaban. Kung ihahambing sa alternatibong midya, bagamat nakita bilang mga *kalat* sa lipunan na labanan at paslangin, ang adik ay nakilala rin bilang indibidwal na nararapat lamang na mailigtas at nabigyan ng positibong katangian bilang indibidwal na lagpas sa pagiging numero—bilang aktor na may buhay at pagkatao. Mula rito, nasipat ang kanilang partikular na konteksto at katayuan sa lipunan at naipinta bilang *aktuwal na biktima* ng Gera na namumuhay sa isang bulnerableng posisyon dulot ng kahirapan.

Ang aktor na sinasabing nasa loob at kahanay ng *tayo* ay ang indibidwal na maituturing na mamamatay-tao; at ang mga aktor na naibukod sa labas at nakahiwalay bilang *sila* ay ang indibidwal na aktuwal na biktima. Ang pagsalba sa adik ay hindi lamang tungkulin ng aktor na may direktang kaugnayan sa kanila. Ang kinakailangan ay maitaas ang diskurso at maikabit sa kinilalang *hidwaan ng tayo at sila*—na mahalaga bilang isang tao na maging mulat at maging mahabagin para sa kinasapitan ng iba. Mahalaga na hindi tanggapin ang mga pamamaslang dahil ang pagsagpi o pagtalikod mula rito ay nag-uugat sa dehumanisasyon ng tao (Galang, 2017)—na sa huli, makita natin ang *sarili* at ang *iba* bilang mga kapwa at bilang mga tao na kapantay natin sa lipunang pinahahanan ng karahasan, paghihirap, at tunggalian.

## Buod

Ang lathalaing pabalita ng pangmasang pahayagan ay primaryang nagbigay tuon sa aktor na si Duterte at pulisya kung saan lumitaw na nakatuon lamang ang balita sa pagsasalaysay ng kung ano ang nangyari sa akto ng *panonokhang*. Suhay rito, mayroong paglalayo o pagpapahina ng kasangkutan ng aktor na *Nanonokhang* sa mga kaso ng *panonokhang*. Samantala, ang alternatibong pahayagan ay nagbigay ng tuon sa aktor na adik at ang pagsasalaysay ay lumabas sa pangyayari ng *panonokhang*. Dagdag rito, mayroong tuwirang pananagutan ng aktor ang naikabit sa mga isinagawang pamamaslang.

Sa usapin naman ng istratehiyang nakasangkapan, sa pangmasang pahayagan, pangunahing ginamit ang supresyon at pagpapasalikod upang bigyang ekslusyon ang *Nanonokhang* at nabigyang inklusyon gamit ang personalisasyon at ispesipikasyon. Nabigyang inklusyon naman ang adik gamit ang impersonalisasyon at objektibasyon. Samantala, sa alternatibong pahayagan, ang *Nanonokhang* ay nabigyang inklusyon sa diskurso ng panonokhang gamit ang generisasyon at ang *Tinotokhang* gamit ang personalisasyon at ispesipikasyon.

Mula rito, napalitaw ang primaryang representasyon ng pangunahing aktor. Nabigyan ng primaryang representasyon sa pangmasang pahayagan si

Duterte at pulisya bilang mga *tagapagligtas* at ang adik bilang mga *estadistika* at *hindi tao*. Samantala, sa alternatibong pahayagan, ang mga sumusunod na aktor ay pangunahing nabigyan ng representasyon: si Duterte bilang *mangwawasak*, ang pulisya bilang *kriminal*, at ang adik bilang *naghihirap na mahirap*.

Lapat sa *ideological square*, ang pangmasang midya ay dominanteng ipinakilala ang *Nanonokhang* sa positibong katangian at ang *Tinotokhang* sa negatibong pagpapakilalan. Samantala, sa alternatibong pahayagan, primaryang ipinakita ang *Nanonokhang* sa negatibo nitong katangian at ang *Tinotokhang* sa positibong pagkakakilanlan.

Mula rito, ang katayuan ng *Tinotokhang* bilang mga dapat iligtas o dapat paslangin ay kaugnay ng pagkakakilanlan ng *Nanonokhang* bilang isang aktor na nararapat magliligtas o nararapat pumaslang. Mula sa kabuuang diskusyon, maaring kilalanin na ang naturang digma ay hindi lamang digma laban sa droga, bagkus maaring maituring bilang isang digma laban sa tao, karapatang pantao, kahirapan, at katotohanan.

## Talasanggunian

Almario, V.S. (2016). Batayang Pagsasalin, Ilang Patnubay at Babasahín para sa Baguhan. Komisyon sa Wikang Filipino.

Ames, H., Glenton, C., & Lewin, S. (2019). Purposive sampling in a qualitative evidence synthesis: a worked example from a synthesis on parental perceptions of vaccination communication. *BMC Medical Research Methodology*, *19*(1). https://doi.org/10.1186/s12874-019-0665-4

Amnesty International (2019). 'They Just Kill': Ongoing Extrajudicial Executions and Other Violations in the Philippines' 'War on Drugs'. https://www.amnesty.org/en/documents/asa35/0578/2019/en/]

Angeles, M. (2018). Salita ng Taon 2018. Diliman Information Office. https://upd.edu.ph/salita-ng-taon-2018/

Babao, R. (2017). Framing the drug war: analysis of illegal drug-related articles in three major Philippine dailies during the first 100 days of President Rodrigo Duterte's term. [Undergraduate thesis, University of the Philippines Los Banos].

Bautro, K.J. (2019). Comparative Analysis of Rappler's and Inquirer.Net's Coverage of Duterte's War on Drugs [Undergraduate thesis, University of the Philippine Los Baños].

Beauvoir, S. & Parshley, H. M. (1949). The second sex. Penguin Books.

Clark, O. (2021). Interpreting Mainstream and Alternative Media Accounts of Hong Kong's 2019 Protests. E-International Relations. https://www.e-ir.info/2021/01/09/interpreting-mainstream-and-alternative-media-accounts-of-hong-kongs-2019-protests/

Council on Foreign Relations. (2016). Human Rights and Duterte's War on Drugs. https://www.cfr.org/interview/human-rights-and-dutertes-war-drugs

Craig, R.T. (2004). Business, Advertising, and the Social Control of News. SAGE. https://doi.org/10.1177/0196859904264686

Deutsch, J. A., & Deutsch, D. (1963). Attention: Some theoretical considerations. Psychological Review, 70(1), 80–90. https://doi.org/10.1037/h0039515

Diamante, Jennifier. (2022). Diamante: Social actor representation in mining discourse in the Philippines: A critical discourse analysis. 13. 53-67.

Digital News Report 2022. (2022). Reuters Institute for the Study of Journalism. https://reutersinstitute.politics.ox.ac.uk/digital-news-report/2022

Doğu, B. (2015). Comparing Online Alternative and Mainstream Media in Turkey: Coverage of the TEKEL Workers Protest Against Privatization. International Journal of Communication, 9, 630–651.

Downing, J. D. H. (1995). Alternative media and the Boston Tea Party. In J. D. H. Downing, A. Mohammadi, & A. Sreberny-Mohammadi (Eds.), Questioning the media: A critical introduction (pp. 238–252). Thousand Oaks, CA: SAGE Publications.

Duanprakhon, P. (2012). Critical Discourse Analysis of News Headlines: A Case of Youth Crime in Thailand. [Master's thesis, National Institute of Development Administration].

Entman, R.M. (2006). Framing Bias: Media in the Distribution of Power. Journal of Communication. https://doi.org/10.1111/j.1460-2466.2006.00336.x

Fairclough, N. (1995). Critical Discourse Analysis, The Critical Study of Language. Routledge.

Fernquest, J. & Johnson D. (2018). Governing through Killing: The War on Drugs in the Philippines. Asian Journal of Law and Society, 5(2), 359-390. https://doi.org/10.1017/als.2018.12n

Gadavanij, S. (2002). Discursive Strategies for Political Survival: A Critical Discourse Analysis of Thai No-Confidence Debates. Doctoral dissertation, University of Leeds.

Gavilan, J. (2023, August 17). Even under Marcos, CHR still out of the loop in drug war review panel. Rappler. https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/commission-human-rights-still-excluded-bongbong-marcos-jr-administration-drug-war-review-panel/

Habermas, J. & Lenox, S. (1974). The Public Sphere: An Encyclopedia Article. New German Critique.

Harcup, T. (2003). "The unspoken - said": The journalism of alternative media. Journalism, 4(3), 356–376. https://doi.org/10.1177/14648849030043006

Homolar, A., & Georg Löfflmann. (2021). Populism and the Affective Politics of Humiliation Narratives. *Global Studies Quarterly*, *1*(1). https://doi.org/10.1093/isagsq/ksab002

Jamil, S. (2020). Handbook of Research on Combating Threats to Media Freedom and Journalist Safety. IGI Global.

Jazeera, A. (2023, July 18). ICC rejects attempt to block investigation on Duterte's drug war. Al Jazeera; Al Jazeera. https://www.aljazeera.com/news/2023/7/18/icc-rejects-manilas-attempt-to-block-investigation-on-drug-war

Jordan, T. (2002). Activism! Direct action, hacktivism and the future of society. London, UK: Reaktion Books.

Kenix, L. (2011). "The Modern Media Continuum." Alternative and Mainstream Media: The Converging Spectrum. London: Bloomsbury Academic, 17–39. http://dx.doi.org/10.5040/9781849665421.ch-002

Mahboob, A. & Paltridge, B. (2013). Critical Discourse Analysis and Critical Applied Linguistics. The Encyclopedia of Applied Linguistics. Blackwell.

Makkai, T. & Teece, M. (2000). Print media reporting on drugs and crime. Trends & issues in crime and criminal justice. Australian Institute of Criminology. https://www.aic.gov.au/publications/tandi/tandi158

Malindog-Uy, A. (2021). Duterte's Legacy: Authenticity, War on Drugs. The Asean Post. https://theaseanpost.com/article/dutertes-legacy-authenticity-war-drugs

McCombes, S. (2019). Sampling Methods | Types and Techniques Explained. Scribbr. https://www.scribbr.com/methodology/sampling-methods/?fbclid=IwAR0g7Xw0PoObDkvGRdKfJWJAlg1kGrQXN0r9bQXxDICGvMVe_SRjml2gaCU#:~:text=Common%20non%2Dprobability%20sampling%20methods,snowball%20sampling%2C%20and%20quota%20sampling

Montagne, M. (2011). Drugs and the Media: An Introduction. https://doi.org/10.3109/10826084.2011.570609

Murji, K. (1998). Agony and Ecstasy: Drugs, Media and Moral Panic. Policing Drugs (1st ed.). Routledge.

Nuha, H. (2013). Representation of Social Actors on the News of Syrian Crisis Issued by *www.nytimes.com* [Undergraduate thesis, State Islamic University of Malang].

Ramanathan, R. ( 2015). Application of Critical Discourse Analysis in Media Discourse Studies. The Southeast Asian Journal of English Language Studies, 21 (2). https://www.researchgate.net/publication/283712478_Application_of_Critical_Discourse_Analysis_in_Media_Discourse_Studies

Saldaña, J. (2013). The Coding Manual for Qualitative Researchers (2nd ed.). SAGE.

Samovar, L.A., Porter, R.E. & McDaniel, E.R. (2010). Communication between Cultures (7th ed.). Wadsworth Cengage Learning, Boston, MA, 150.

Sepe, F.G. (2018). Healing The Wounds from The Drug War. ABS-CBN News. https://news.abs-cbn.com/specials/healing-drug-war

Talabong, R. (2017). How Kian delos Santos was killed, according to police. Rappler. https://www.rappler.com/nation/179400-how-kian-delos-santos-was-killed-according-to-police/

Terrazola, V.E. (2021). Alvarez on Duterte's war on drugs: 'Too many' died, mostly poor Filipinos. Manila Bulletin. https://mb.com.ph/2021/08/03/alvarez-on-dutertes-war-on-drugs-too-many-died-mostly-poor-filipinos/

Timberman, D.G. (2019). Philippine Politics Under Duterte: A Midterm Assessment. Carnegie Endowment for International Peace. https://carnegieendowment.org/2019/01/10/philippine-politics-under-duterte-midterm-assessment-pub-78091

Van Dijk, T. A. (1986). Studying Writing: Linguistic Approaches. In News Schemata. Greenbaum, S. and Cooper, C. R., eds. SAGE.

Van Dijk, T.A. (1990). Context Models in Discourse Processing. http://www.discourses.org/OldArticles/Context%20models%20in%20discourse%20processing.pdf

Van Dijk, T. A. (1995). Political Communication and Action. In Power and the News Media. Paletz, D., ed. Hampton Press.

Van Dijk, T. A. (2001). Handbook of Discourse Analysis. In Critical Discourse Analysis. Tannen, D.; Schiffrin, D. and Hamilton, H., eds. Blackwell.

Van Dijk, T.A. (2002). Ideology and discourse, A Multidisciplinary Introduction. http://www.discourses.org/UnpublishedArticles/Ideology%20and%20discourse.pdf

Van Leeuwen, T.J. (2008). Discourse and Practice. New Tools for Critical Discourse Analysis. Oxford University Press.

Wang, S. (1992). Factors influencing cross-national news treatment of a critical national event: A comparative study of six countries' media coverage of the 1989 Chinese student demonstrations. Gazette (Leiden, Netherlands), 49(3), 193-214.